
# MGA PANGUNAHING KAALAMAN SA PATAS NA PABAHAY

# SERI AT PATAS NA PABAHAY

## Sonora Environmental Research Institute, Inc (SERI)

- Isang nakabase sa komunidad, na nonprofit, na itinatag noong 1994 at matatagpuan sa Tucson, AZ.
- Gumagawa ng isang maitataguyod na hinaharap kung saan may katarungang pangkapaligiran at oportunidad para sa LAHAT ng tao.
- Nakikipagtuwang sa mga komunidad ng mga mababa ang kita at minorya upang protektahan ang kapaligiran, isulong ang katarungan, at bumuo ng malusog at ligtas na mga kapitbahayan.
- Nagsasagawa ng pananaliksik na nakabase sa komunidad upang maunawaan ang mga kaigtingan sa ekonomiya, kapaligiran at kalusugan upang magpatupad ng mga programa upang makagawa ng mga agaran at pangmatagalang epekto.




**Bisitahin ang aming website na [www.seriaz.org](http://www.seriaz.org)**

**Sundan kami sa social media sa @seriazsolutions**

# SERI AT PATAS NA PABAHAY

- Gumagawa ng mas inklusibong komunidad at pantay-pantay na oportunidad para sa lahat sa pabahay.
- Nabigyan ang SERI ng $125K na grant na pagpopondo mula sa HUD upang patakbuhin ang Fair Housing Initiative Program (FHIP) - Education & Outreach Initiative (EOI).

# SERI AND FAIR HOUSING




- Gumagawa ng mas inklusibong komunidad at pantay-pantay na oportunidad para sa lahat sa pabahay.
- Nabigyan ang SERI ng $125K na grant na pagpopondo mula sa HUD upang patakbuhin ang Fair Housing Initiative Program (FHIP) - Education & Outreach Initiative (EOI).

# MGA KATUWANG SA PROGRAMA

**Southwest Fair Housing Council (SWFHC)**
https://swfhc.org
(520) 798-1568

**Arizona Commission for the Deaf and the Hard of Hearing**
https://www.acdhh.org
info@acdhh.az.gov
(602) 542-3323

**City of Tucson Housing and Community Development**
https://www.tucsonaz.gov/Departments/Housing-and-Community-Development
HCDAdmin@tucsonaz.gov
520-791-4171

# MGA KATUWANG SA PROGRAMA

**Family Housing Resources**
www.fhrtucson.org/
info@fhrinc.net
520-318-0993

**Tucson Tenants Union**
www.tucsontenantsunion.org/
info@tucsontenantsunion.org

**Pima County Community Land Trust**
www.pcclt.org/
info@pcclt.org
(520) 603-0587

# KASAYSAYAN NG PATAS NA PABAHAY

# Segregated By Design



**Isang Pelikula ng Silkworm Studio**
**sa Direksyon ni Mark Lopez**

# ANG FAIR HOUSING ACT (FHA)

**July 2, 1964**

Ika-2 ng Hulyo, 1964 nilagdaan ng Pangulong Lyndon B. Johnson ang Civil Rights Act of 1964.

**1966-1967**

Sinubukan ng U.S. Congress na ipasa ang panukalang-batas sa patas na pabahay.

**April 4, 1968**

Ika-4 ng Abril, 1968 si Dr. Martin Luther King, Jr. ay pinaslang.

**April 11, 1968**

Ika-11 ng Abril, 1968 nilagdaan ng Pangulong Lyndon B. Johnson ang Civil Rights Act of 1968 (Fair Housing Act).

**April 1969**

Abril 1969 ang unang taong anibersaryo ng Fair Housing Act.

# ANG FAIR HOUSING ACT (FHA)

- Nilagdaan ng Pangulong Lyndon B. Johnson noong ika-11 ng Abril, 1968.
- Nagbigay ng mga proteksyon laban sa diskriminasyon sa pabahay batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, at kasarian (mga protektadong uri) ng isang indibidwal.
- Ang mga protektadong uri na katayuan ng pamilya at kapansanan ay idinagdag nang amyendahan ang FHA noong 1988.



President Lyndon B. Johnson signing the Fair Housing Act on April 11, 1968. (Photo Credit: *Smithsonian*)

# ANONG MGA URI NG PABAHAY ANG SAKLAW SA ILALIM NG FHA?

Pabahay na pinopondohan ng publiko o nang pribado. Kabilang sa mga naturang pasilidad ang:

- Mga trailer park
- Mga mobile home
- Mga kooperatiba
- Mga condominium
- Anumang yunit (hal., mga bahay na para sa isang pamilya, apartment, townhome) na idinisenyo o ginagamit bilang tirahan

Ano ang **HINDI** saklaw sa ilalim ng FHA:

- Pabahay na pinamamahalaan ng mga organisasyong pangrelihiyon o pribadong samahan na nililimita ang paninirahan sa mga miyembro
- Mga bahay na para sa isang pamilya na pinauupahan o ibinebenta ng may-ari nang hindi gumagamit ng ahente
- Mga gusaling may hindi hihigit sa apat na yunit (kung saan inookupahan ng may-ari ng gusali ang isa sa mga yunit)

**Mobile Home Parks Residential Landlord and Tenant Act**
https://housing.az.gov/sites/default/files/AZ-Mobile-Home-Parks-Residential-Landlord-Tenant-Act_Aug2019.pdf



# Seven Days Documentary




Ika-50 Anibersaryo ng pagpasa ng 1968 Fair Housing Act at ika-30
Anibersaryo ng National Fair Housing Alliance


# NATIONAL FAIR HOUSING ALLIANCE (NFHA) 2024 FAIR HOUSING TRENDS REPORT





- May 34,150 reklamo sa patas sa pabahay na natanggap ang mga pribadong non-profit na fair housing organization (mga FHO), HUD, mga ahensiya ng FHAP, at DOJ noong 2023, kumpara sa 33,007 noong 2022.
- Naproseso ng mga pribadong nonprofit na fair housing organization (mga FHO) ang 75.52% ng mga reklamo, na 5.68% pagtaas mula sa nakaraang taon.
- Diskriminasyong batay sa kapansanan ang dahilan para sa karamihan (52.61%) sa mga reklamong inihain sa mga FHO, HUD, at mga ahensiya ng FHAP.
- May 1,521 reklamo ng panliligalig na iniulat noong nakaraang taon, na pagtaas ng 66.23%.
- May 824 na reklamo batay sa kulay na iniulat noong nakaraang taon; ito ay kumakatawan sa pagtaas na 35.30%.

# SAAN NALALAPAT ANG BATAS SA PATAS NA PABAHAY?



Kapag ang isang tao ay
umuupa o bumibili ng bahay.


Kapag ang isang tao ay nagsasangla para sa pag-utang para sa pabahay.


Kapag ang isang tao ay naghahanap ng tulong sa pabahay.


Kapag ang isang tao ay nakikibahagi sa anumang iba pang mga transaksyong nauugnay sa pabahay.

## Mga Reklamo sa Diskriminasyon sa Pabahay noong 2023 ayon sa Ahensyang Nag-uulat




- Mga Ahensya ng Fair Housing Assistance Program (mga FHAP)
- Mga pribado, nonprofit na fair housing organization (mga FHO)
- U.S. Department of Justice (DOJ)
- U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD)


***2024 Fair Housing Trends Report***
**National Fair Housing Alliance (NFHA)**

## Datos ng Reklamo ayon sa Ahensya, 2013-2023

| Year | NFHA Member | HUD | FHAPs | DOJ | Total |
|---|---|---|---|---|---|
| **2013** | 18,932 | 1,881 | 6,496 | 43 | **27,352** |
| **2014** | 19,026 | 1,710 | 6,758 | 34 | **27,528** |
| **2015** | 19,645 | 1,274 | 6,972 | 46 | **27,937** |
| **2016** | 19,740 | 1,371 | 7,030 | 40 | **28,181** |
| **2017** | 20,595 | 1,311 | 6,896 | 41 | **28,825** |
| **2018** | 23,407 | 1,784 | 5,987 | 24 | **31,202** |
| **2019** | 21,117 | 1,771 | 5,953 | 39 | **28,880** |
| **2020** | 21,089 | 1,697 | 5,883 | 43 | **28,712** |
| **2021** | 22,674 | 2,093 | 6,413 | 36 | **31,216** |
| **2022** | 24,404 | 1,915 | 6,652 | 36 | **33,007** |
| **2023** | 25,789 | 1,742 | 6,577 | 42 | **34,150** |

***2024 Fair Housing Trends Report***
**National Fair Housing Alliance (NFHA)**

## Mga Reklamo sa Diskriminasyon sa Pabahay ayon sa Rehiyon





*2024 Fair Housing Trends Report*
**National Fair Housing Alliance (NFHA)**

## Mga Reklamo ayon sa Uri ng Transaksyon noong 2023

| | Rental | Sales | Lending | Insurance | Harassment | Appraisal | Advertising | HOA/Condo | Other | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **NFHA Members** | 22,925 | 292 | 182 | 14 | 1,502 | 24 | 191 | 129 | 371 | **25,630** |
| **HUD** | 1,105 | 83 | 47 | 0 | 0 | 31 | 0 | 0 | 523 | **1,742** |
| **FHAPs** | 4,289 | 391 | 60 | 1 | 0 | 32 | 0 | 0 | 1,865 | **6,577** |
| **DOJ** | 24 | 0 | 5 | 0 | 0 | 0 | 0 | 1 | 12 | **42** |
| **Total** | **28,343** | **766** | **294** | **15** | **1,502** | **87** | **191** | **130** | **2,771** | **33,991** |
| **Percent of Total** | 83.38% | 2.25% | 0.86% | 0.04% | 4.42% | 0.26% | 0.56% | 0.38% | 8.15% | |

*2024 Fair Housing Trends Report*
National Fair Housing Alliance (NFHA)

## Mga Reklamo sa Diskriminasyon sa Pabahay Batay sa Panliligalig, 2006-2023




*2024 Fair Housing Trends Report*
National Fair Housing Alliance (NFHA)

# The Fair Housing Act vs.
# AZ Residential Landlord and Tenant Act

**Fair Housing Act**

- Pinoprotektahan ang mga tao laban sa diskriminasyon sa anumang transaksyong nauugnay sa pabahay dahil sa kanilang lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, katayuan ng pamilya, at kapansanan.




(Photo Credit: *Equal Rights Center*)

# The Fair Housing Act vs.
# AZ Residential Landlord and Tenant Act

**AZ Residential Landlord and Tenant Act (A.R.S. Title 33 Chapter 10)**

- Mga obligasyon ng may-ari ng bahay, obligasyon ng nangungupahan, pahayag, depositong pangseguridad, bayarin kung lumampas sa takdang taning ng pagbabayad, pagbinbin ng upa, karapatang pumasok, abiso sa pagpapaalis, pagtataas ng upa, pagpapaalis/pagwawakas, at higit pa.



# KAHALAGAHAN NG GAWAIN PARA SA PATAS NA PABAHAY



- Pantay-pantay na oportunidad para sa lahat sa pabahay.
- Upang alisin ang mga pagkiling at pagtatangi sa ating komunidad.

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

# KAHALAGAHAN NG GAWAIN PARA SA PATAS NA PABAHAY



Kung saan nakatira ang isang tao ay mahalaga para sa pagkakaroon ng access sa:

- Mga kalakal at serbisyo
- Edukasyon
- Pagkain
- Pangangalagang pangkalusugan
- Mga oportunidad para sa pagbago ng katayuan sa lipunan at propesyon

# KAHALAGAHAN NG GAWAIN PARA SA PATAS NA PABAHAY



- Ang mga merkado ng pabahay ay nagtutulak sa edukasyon, trabaho, kalusugan, kaligtasan, mga rate ng seguro, mga serbisyong munisipal at komersyal, at kayamanan (hal., ang pagkakaiba sa pagitan ng halaga ng iyong bahay at kung magkano ang inutang mo para dito).

seri

# 7 PROTEKTADONG URI

# LAHI



- Isang pamilya, tribo, o grupo ng mga tao na nagmula sa parehong mga ninuno.
- Hal., Diskriminasyon laban sa mga African American ng isang Caucasian na tagapamahala ng apartment.


# KULAY



- Ang nakikitang kulay ng balat ng isang tao.
- Hal., Nagpapaupa lang sa mga African American na maputi ang balat at hindi sa mga African American na maitim ang balat.

# BANSANG PINAGMULAN





- Ang bansa kung saan ipinanganak ang isang tao.
- Kung saan nagmula ang mga ninuno ng isang tao.
- Ang kultura o wika ng isang tao.

seri

# BANSANG PINAGMULAN



- Hal., Mapamiling sinusuri ang mga potensyal at kasalukuyang nangungupahan para sa pagkamamamayan at katayuan bilang migrante.
- Hal., Pagtangging magpaupa sa mga refugee.

# RELIHIYON



- Lahat ng aspekto ng pangrelihiyong paniniwala, pagdiriwang, at kaugalian.
- Ang parehong pagkakaroon at hindi pagkakaroon ng relihiyon (hal., ateismo at mga relihiyon sa labas ng karaniwan).
- Hal., Tinatrato nang iba sa pabahay dahil nakasuot ka ng telang pantakip sa ulo.

# KASARIAN



- Kasarian (lalaki o babae) at biyolohikal na kasarian.
- Oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian.

# KASARIAN



- Hal., Pagkaantala o pagkakait ng paupahang ari-arian, o hindi gaanong kanais-nais na mga tuntunin, sa isang babae.
- Hal., Hiniling ng tagapamahala ng ari-arian sa isang transgender na babae na magsuot ng damit na pambabae sa mga lugar sa ari-arian na karaniwang ginagamit ng lahat ng nakatira at kanilang mga bisita.
- Hal., Ang isang baklang lalaki ay pinaalis dahil naniniwala ang may-ari ng bahay na mahahawaan nito ng HIV/AIDS ang ibang mga nangungupahan.

# KATAYUAN NG PAMILYA



- Kung saan may isa o mahigit pang tao na wala pang 18 taong gulang na nakatira kasama ng magulang, ligal na tagapangalaga, atbp.
- Buntis na babae.
- Mga sambahayang may nag-iisang magulang at mag-asawang magkaparehas ang kasarian na may mga anak.
- Indibidwal o mag-asawa na nasa proseso ng pagkakaroon ng ligal na kustodya ng isang taong wala pang 18 taong gulang.

# KATAYUAN NG PAMILYA




- Hal., Pinipilit ang mga pamilyang may mga anak na manirahan sa unang palapag, o hindi pagpapaupa sa mga indibidwal na may mga anak.
- Hal., Nag-aatas na ang mga pamilyang may mga anak ay umalis sa palanguyan ng komunidad pagkalipas ng 5 p.m. habang ang ibang mga nangungupahan na walang mga anak ay may access pa rin dito.

# KAPANSANAN







- Isang taong may kapansanan sa katawan o pag-iisip.
- Mga taong itinuturing na may kapansanan o may rekord ng kapansanan.
- Kaugnayan sa isang taong may kapansanan.

# KAPANSANAN




- Hal., Hindi pagpayag sa isang taong may kapansanan na magkaroon ng katulong na hayop sa kanyang apartment.
- Hal., Isang tagapagkaloob ng pabahay na nabigong maglagay ng elevator para sa gusaling maraming palapag.
- Hal., Pagtanggi sa makatwirang kahilingan sa akomodasyon ng nangungupahan na ang kanyang kapamilya/kaibigan ang humawak sa mga pagbabayad ng upa dahil sa kanyang kapansanan sa pag-unlad.


## Datos ng Reklamo ayon sa Batayan at Ahensya noong 2023

| | Race | Disability | Familial Status | Sex | National Origin | Color | Religion | Other | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **NFHA Members** | 3,634 | 12,803 | 1,434 | 1,614 | 992 | 501 | 145 | 4,666 | **25,789** |
| **HUD** | 374 | 1,123 | 155 | 195 | 130 | 40 | 37 | 134 | **1,742** |
| **FHAPs** | 1,805 | 4,033 | 548 | 768 | 571 | 283 | 155 | 981 | **6,577** |
| **DOJ** | 7 | 9 | 2 | 11 | 0 | 0 | 0 | 13 | **42** |
| **Total** | **5,820** | **17,968** | **2,139** | **2,588** | **1,693** | **824** | **337** | **5,794** | **34,150** |
| **Percent of Total** | 17.04% | 52.61% | 6.26% | 7.58% | 4.96% | 2.41% | 0.99% | 16.97% | |

Note: Some reported complaints included more than one basis of discrimination.


***2024 Fair Housing Trends Report***
**National Fair Housing Alliance (NFHA)**

## Mga Reklamo sa Diskriminasyon sa Pabahay na Iniulat ng HUD noong 2023




Note: Some reported complaints included more than one basis of discrimination.

## Mga Reklamo sa Diskriminasyon sa Pabahay na Iniulat ng mga Ahensya ng FHAP noong 2023




Note: Some reported complaints included more than one basis of discrimination.

***2024 Fair Housing Trends Report***
**National Fair Housing Alliance (NFHA)**

# ANG FAIR HOUSING ACT

DOJ Menu

Civil Rights Division
U.S. Department of Justice

Our Offices | Find Help | Contact Us

Search

About | Contact the Division | Cases and Matters | Press Room | Employment Opportunities | Civil Rights FOIA | En español

Justice.gov > Civil Rights Division > The Fair Housing Act

# The Fair Housing Act

Share

The Fair Housing Act, 42 U.S.C. 3601 et seq., prohibits discrimination by direct providers of housing, such as landlords and real estate companies as well as other entities, such as municipalities, banks or other lending institutions and homeowners insurance companies whose discriminatory practices make housing unavailable to persons because of:

- race or color
- religion
- sex
- national origin
- familial status, or
- disability.

In cases involving discrimination in mortgage loans or home improvement loans, the Department may file suit under both the Fair Housing Act and the Equal Credit Opportunity Act. The Department brings cases where there is evidence of a pattern or practice of discrimination or where a denial of rights to a group of persons raises an issue of general public importance. Where force or threat of force is used to deny or interfere with fair housing rights, the Department of Justice may institute criminal proceedings. The Fair Housing Act also provides procedures for handling individual complaints of discrimination. Individuals who believe that they have been victims of an illegal housing practice, may file a complaint with the Department of Housing and Urban Development [HUD] or file their own lawsuit in federal or state court. The Department of Justice brings suits on behalf of individuals based on referrals from HUD.

## Discrimination in Housing Based Upon Race or Color

One of the central objectives of the Fair Housing Act, when Congress enacted it in 1968, was to prohibit race discrimination in sales and rentals of housing. Nevertheless, more than 30 years later, race discrimination in housing continues to be a problem. The

https://www.justice.gov/crt/fair-housing-act-1

# BALANGKAS NG MGA BATAS AT REGULASYON

- Seksyon 801 – Deklarasyon ng Patakaran
- Seksyon 802 – Mga Kahulugan
- Seksyon 804, 805, 806, at 818 – Mga Pagbabawal

# MGA PAGBABAWAL SA ILALIM NG FAIR HOUSING ACT

# SEKSYON 804(A)



Labag sa batas na:

- Tumangging magpaupa o magbenta ng pabahay.
- Tumangging makipag-ayos para sa pabahay.
- Sa ibang paraan ay gawing hindi magagamit ang pabahay.
- Itanggi ang isang tirahan.

# SEKSYON 804(B)

Labag sa batas na:

- Magtakda ng iba/hindi gaanong kanais-nais na mga tuntunin, kondisyon, o pribilehiyo para sa pagbebenta o pagpapaupa sa isang tirahan.
- Magbigay sa isang tao ng iba/hindi gaanong kanais-nais na mga serbisyo sa pabahay o pasilidad ng isang tirahan.



# SEKSYON 804(C)




Labag sa batas na:

- Gumawa ng binibigkas o nakasulat na patalastas, abiso, o pahayag na nagsasaad ng limitasyon o kagustuhan batay sa isa o mahigit pang protektadong uri.

# SEKSYON 804(D)

Labag sa batas na:

- Gumawa ng maling representasyon tungkol sa pagkakaroon ng pabahay.



# SEKSYON 804(E)



Labag sa batas na:

- Hikayatin ang mga may-ari na magbenta o magpaupa dahil sa pagpasok ng isang protektadong uri sa isang kapitbahayan (blockbusting).

# SEKSYON 804(F)

Labag sa batas na:

- Magdiskrimina batay sa kapansanan.



# MGA TAMPOK PARA SA PAGIGING NAA-ACCESS PARA SA BAGONG ITATAYO

- Sa ilalim ng FHA ay "Magdisenyo at magtayo" ng ilang bagong tirahan para sa maraming pamilya upang ang mga ito ay maa-access at magagamit ng mga taong may kapansanan, at partikular na ng mga taong gumagamit ng mga wheelchair."
- Sa ilalim ng FHA lahat ng bagong tayong tirahan para sa maraming pamilya na may apat o mahigit pang yunit na ginamit para sa unang paninirahan pagkatapos ng ika-13 ng Marso, 1991, ay dapat na may ilang partikular na tampok.

# SEKSYON 805

Labag sa batas na:

- Tumangging gumawa ng pautang na may pagsasangla.
- Magdiskrimina sa pagtatasa ng ari-arian.
- Tumangging magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pautang.
- Magtakda ng iba/hindi gaanong kanais-nais na mga tuntunin o kondisyon para sa paggawa o pagbili ng pautang.



seri

# SEKSYON 806




Labag sa batas na:

- Tanggihan ang sinumang tao sa pag-access sa, pagiging miyembro ng, o pakikilahok sa anumang serbisyo para sa maramihang paglilista (MLS), organisasyon ng mga ahente sa pagbebenta ng bahay at lupa o iba pang serbisyo... o mga kondisyon ng naturang pag-access.

# SEKSYON 818

Labag sa batas na:

- Manghimasok, mamilit, o manakot (paghihiganti) sa sinumang gumagamit o tumatamasa ng kanilang mga karapatan sa patas na pabahay o tumutulong sa ibang gumagamit ng kanilang karapatan sa ilalim ng Seksyon 803, 804, 805, o 806 ng FHA.

seri

# Paggamit ng mga Rekord na Kriminal ng mga Tagapaglaan ng Pabahay

Sa buong United States, ang mga African American at Hispanic ay inaaresto, hinahatulan at ikinukulong sa mga rate na hindi proporsyonado sa kanilang bahagi sa pangkalahatang populasyon.8 Dahil dito, ang mga hadlang sa pabahay na batay sa mga rekord na kriminal ay malamang na magkaroon ng hindi proporsyonadong epekto sa mga minoryang naghahanap ng tahanan. Bagama't ang pagkakaroon ng rekord na kriminal ay hindi protektadong katangian sa ilalim ng Fair Housing Act, ang mga paghihigpit sa mga oportunidad sa pabahay na batay sa kasaysayang kriminal ay lumalabag sa Act kung, kahit walang katwiran, ang kanilang pasanin ay mas madalas na napupunta sa mga umuupa o iba pang mga kalahok sa merkado ng pabahay ng isang lahi o bansang pinagmulan kaysa sa iba (ibig sabihin, pananagutan para sa mga epektong nakadidiskrimina). 9 Karagdagan pa, ang intensyonal na diskriminasyon na lumalabag sa Act ay nangyayari kung tinatrato nang naiiba ng isang tagapaglaan ng pabahay ang mga indibidwal na may maihahambing na kasaysayang kriminal dahil sa kanilang lahi, bansang pinagmulan o iba pang protektadong katangian (ibig sabihin, pananagutan para sa magkakaibang pagtrato).

# Paggamit ng mga Rekord na Kriminal ng mga Tagapaglaan ng Pabahay

Ang isang tagapaglaan ng pabahay ay lumalabag sa Fair Housing Act kapag ang patakaran o kasanayan ng tagapaglaan ay may hindi makatwirang epektong nakadidiskrimina, kahit na ang tagapaglaan ay hindi nagkaroon ng layuning magdiskrimina.10 Sa ilalim ng pamantayang ito, ang isang mistulang walang kinikilingang patakaran o kasanayan na may epektong nakadidiskrimina ay lumalabag sa Act kung hindi ito sinusuportahan ng ligal na sapat na katwiran. Kaya, kung saan ang isang patakaran o kasanayan na naghihigpit sa pag-access sa pabahay batay sa kasaysayang kriminal ay may magkakaibang epekto sa mga indibidwal ng isang partikular na lahi, bansang pinagmulan, o iba pang protektadong uri, ang naturang patakaran o kasanayan ay labag sa batas sa ilalim ng Fair Housing Act kung hindi ito kinakailangan upang maitaguyod ang malaki, lehitimo, hindi nakadidiskrimina na interes ng tagapaglaan ng pabahay, o kung ang naturang interes ay maaaring maitaguyod ng isa pang kasanayan na may mas kaunting epektong nakadidiskrimina. 11 Ang pananagutan para sa mga epektong nakadidiskrimina ay tinatasa sa ilalim ng may tatlong-hakbang na pamantayan na naglilipat ng pasanin na nangangailangan ng pagsusuring tukoy ang mga katotohanan.

# IPINAPATUPAD NG HUD ANG MGA BATAS SA KARAPATANG SIBIL

- Pamagat VIII ng Civil Rights Act of 1968 (fair housing act)
- Pamagat VI ng Civil Rights Act of 1964
- Seksyon 504 ng Rehabilitation Act of 1973
- Pamagat II ng Americans with Disabilities Act of 1990
- Executive Order 11063

# MGA POTENSYAL NA PALATANDAAN NG DISKRIMINASYON

“ ANG TINATANGGAP LANG NAMIN AY ANG MGA TAONG MALINAW KUNG MAGSALITA NG ENGLISH. ”

# PAGSUSURI NG PAGSASALITA O PAGSULAT

- Pagtukoy sa mga katangiang panlipunan ng isang tao batay sa mga pahiwatig na naririnig (diyalekto at punto) upang mangdiskrimina sa pabahay batay sa kanyang lahi, etnisidad, kasarian, oryentasyong sekswal, at higit pa.



“ BAKA MAGING MAS KOMPORTABLE KANG MANIRAHAN SA IBANG LUGAR. IPAPAKITA KO SA IYO ANG MGA KAPITBAHAYAN NA MAY MGA MOSQUE. ”

“MGA HAGDAN LANG ANG MAYROON KAMI. HINDI NAMIN MAPAPAUNLAKAN ANG WALKER PARA SA IYO.”

"MABIGAT ANG TRAPIKO SA LUGAR NA ITO. HINDI LIGTAS PARA SA MGA BATA NA MANIRAHAN DITO."

“

**INIREREKOMENDA NAMIN NA IKAW AT ANG IYONG PAMILYA AY UMUPA SA UNANG PALAPAG.**

”

“HINDI MAAARING MAKUMPUNI ANG BANYO AT WASHER HANGGANG SA SUSUNOD NA LINGGO.”

“DAHIL SA IYONG PINAGMULAN, KAKAILANGANIN NAMING KUMOLEKTA NG MGA KARAGDAGANG DOKUMENTO.”

“ WALANG MGA ASO NA PINAPAYAGAN SA ARI-ARIANG ITO, WALANG MGA EKSEPSYON. ”

# MGA EKSEMSYON SA FAIR HOUSING ACT

Bahay Para sa Isang Pamilya (Seksyon 803)

Ari-arian (Inookupahan ng May-ari) ni Gng. Murphy (Seksyon 803)

Mga Organisasyong Pangrelihiyon o Pribadong Samahan (Seksyon 807)

# Pabahay para sa mga Nakatatandang Tao (Seksyon 807)





**Mga taong hinatulan dahil sa paggawa o pamamahagi ng iligal na droga (Seksyon 807 (b)(4))**

**Mga taong ang pangungupahan ay nagpapakita ng direktang banta sa kalusugan, kaligtasan, o ari-arian (Seksyon 804 (f)(9))**

**Makatwirang mga pamantayan sa paninirahan**

# CODE OF FEDERAL REGULATIONS (CFR)

PAMAGAT 24 (PAGPAPAUNLAD NG PABAHAY AT LUNGSOD)
PARTE 100 - PAG-UUGALING NAKAPAGDIDISKRIMINA SA ILALIM NG FAIR HOUSING ACT



Browse | Search | Recent Changes | Corrections | Reader Aids | My eCFR | Search the eCFR

Sign In / Sign Up

NATIONAL ARCHIVES

# Code of Federal Regulations

A point in time eCFR system

Title 24

Displaying title 24, up to date as of 8/26/2024. Title 24 was last amended 8/02/2024. view historical versions

Enter a search term or CFR reference (eg. fishing or 1 CFR 1.1)

Title 24 / Subtitle B / Chapter I / Part 100 — Previous / Next / Top

Table of Contents | Details | Print/PDF | Display Options | Subscribe | Timeline | Go to Date | Compare Dates | Published Edition | Developer Tools

ECFR CONTENT

ENHANCED CONTENT

View table of contents for this page.

## PART 100—DISCRIMINATORY CONDUCT UNDER THE FAIR HOUSING ACT

**Authority:** 42 U.S.C. 3535(d), 3600-3620.

**Source:** 54 FR 3283, Jan. 23, 1989, unless otherwise noted.

### Subpart A—General

#### § 100.1 Authority.

This regulation is issued under the authority of the Secretary of Housing and Urban Development to administer and enforce title VIII of the Civil Rights Act of 1968, as amended by the Fair Housing Amendments Act of 1988 (the Fair Housing Act).

#### § 100.5 Scope.

(a) It is the policy of the United States to provide, within constitutional limitations, for fair housing throughout the United States. No person shall be subjected to discrimination because of race, color, religion, sex, handicap, familial status, or national origin in the sale, rental, or advertising of dwellings, in the provision of brokerage services, or in the availability of residential real estate-related transactions.

(b) This part provides the Department's interpretation of the coverage of the Fair Housing Act regarding discrimination related to the sale or rental of dwellings, the provision of services in

https://www.ecfr.gov/current/title-24/subtitle-B/chapter-I/part-100

# § 100.7 PANANAGUTAN PARA SA MGA NAKAPAGDIDISKRIMINANG KASANAYAN SA PABAHAY



Title 24 / Subtitle B / Chapter I / Part 100 Previous / Next / Top

Table of Contents
Details
Print/PDF
Display Options
Subscribe
Timeline
Go to Date
Compare Dates
Published Edition
Developer Tools

related transactions.

(b) This part provides the Department's interpretation of the coverage of the Fair Housing Act regarding discrimination related to the sale or rental of dwellings, the provision of services in connection therewith, and the availability of residential real estate-related transactions. The illustrations of unlawful housing discrimination in this part may be established by a practice's discriminatory effect, even if not motivated by discriminatory intent, consistent with the standards outlined in § 100.500.

(c) Nothing in this part relieves persons participating in a Federal or Federally-assisted program or activity from other requirements applicable to buildings and dwellings.

[54 FR 3283, Jan. 23, 1989, as amended at 78 FR 11481, Feb. 15, 2013; 85 FR 60332, Sept. 24, 2020; 88 FR 19500, Mar. 31, 2023]

**§ 100.7 Liability for discriminatory housing practices.**

(a) *Direct liability.*

(1) A person is directly liable for:

(i) The person's own conduct that results in a discriminatory housing practice.

(ii) Failing to take prompt action to correct and end a discriminatory housing practice by that person's employee or agent, where the person knew or should have known of the discriminatory conduct.

(iii) Failing to take prompt action to correct and end a discriminatory housing practice by a third-party, where the person knew or should have known of the discriminatory conduct and had the power to correct it. The power to take prompt action to correct and end a discriminatory housing practice by a third-party depends upon the extent of the person's control or any other legal responsibility the person may have with respect to the conduct of such third-party.

(2) For purposes of determining liability under paragraphs (a)(1)(ii) and (iii) of this section, prompt action to correct and end the discriminatory housing practice may not include any action that penalizes or harms the aggrieved person, such as eviction of the aggrieved person.

(b) *Vicarious liability.* A person is vicariously liable for a discriminatory housing practice by the person's agent or employee, regardless of whether the person knew or should have known of the conduct that resulted in a discriminatory housing practice, consistent with agency law.

[81 FR 63074, Sept. 14, 2016]

**§ 100.10 Exemptions.**

(a) This part does not:

(1) Prohibit a religious organization, association, or society, or any nonprofit institution or organization operated, supervised or controlled by or in conjunction with a religious organization, association, or society, from limiting the sale, rental or occupancy of dwellings which it owns or operates for other than a commercial purpose to persons of the same religion, or from giving preference to such persons, unless membership in such religion is



# MGA KASO SA PATAS NA PABAHAY

## Mga Kasong Isinakdal ng HUD ayon sa Taon

| Year | NFHA Member |
|---|---|
| 2011 | 55 |
| 2012 | 43 |
| 2013 | 37 |
| 2014 | 27 |
| 2015 | 28 |
| 2016 | 37 |
| 2017 | 19 |
| 2018 | 28 |
| 2019 | 37 |
| 2020 | 36 |
| 2021 | 36 |
| 2022 | 21 |
| 2023 | 47 |

***2024 Fair Housing Trends Report***
**National Fair Housing Alliance (NFHA)**

# PAGKILING SA PAGTATASA
# *AUSTIN V. MILLER*



Sina Tenisha Tate-Austin at Paul Austin ay nagmay-ari ng bahay sa Marin County, California. Nang pinapalitan ang kanilang utang sa pabahay ng bagong utang noong 2020, itinasa ni Janette Miller ang kanilang bahay sa $995,000 (bagama't naitasa ito sa $1,450,000 noong nakaraang taon).

Hiniling nina Tate-Austin at Austin ang kompanya ng pagtatasa na magbigay ng pangalawang pagtatasa mula sa ibang tagatasa. Inalis ng mga Austin ang ebidensya ng kanilang pagkakakilanlan ng lahi mula sa kanilang tahanan at pinalitan ng mga larawan ng pamilya ng kanilang puting kaibigan. Ang kaibigang ito ay naroon din sa bahay sa panahon ng pagtatasang ito. Itinasa ng pangalawang tagatasa ang bahay sa $1,482,500.

- Inihabla ng mga Tate-Austin at ng Fair Housing Advocates of Northern California si Miller at ang AMC Links, ang kompanya ng pamamahala ng pagtatasa, na nagpaparatang ng diskriminasyon batay sa lahi.
- Sa ilalim ng mga tuntunin ng kasunduan sa pag-areglo, nagbayad ang tagatasa ng hindi natukoy na halaga ng pera.
- Ang tagatasa ay sumang-ayon na hindi magdiskrimina sa hinaharap, gayundin ay nanood ng dokumentaryo ng ABC na "Our America: Lowballed"17 (na nagtatampok sa kuwento ng mga Austin).
- Ang tagatasa ay dumalo sa isang sesyon ng pagsasanay sa Marin County tungkol sa kasaysayan ng segregasyon at diskriminasyon na kaugnay ng mga bahay at lupa na idinaos ng Fair Housing Advocates of Northern California, at patuloy na sumunod sa mga kinakailangan sa patuloy na edukasyon ng Bureau of Real Estate Appraisers.

# DISKRIMINASYON SA KAPANSANAN SA TINUTULUNGANG PAMUMUHAY
## *SOUTHWEST FAIR HOUSING COUNCIL V. WG SCOTTSDALE LLC*

Sinabi ng Southwest Fair Housing Council (tagasubok) sa isang kinatawan ng Sierra Pointe na interesado siya sa pasilidad sa ngalan ng kanyang lolong bingi. Bilang sagot sa tanong ng tagasubok kung paano makikipag-usap ang tauhan ng Sierra Pointe sa kanyang lolo tungkol sa mga usaping pinansyal at ligal, sinabi ng kinatawan ng Sierra Pointe na sila ay gagamit ng puting pisara at/o maiikling sulat. Sinabi ng tauhan na ang pamilya ang kailangang gumawa ng mga kaayusan para sa isang tagasalin sa ASL kung gusto nilang magkaroon nito.



Nagparatang ang SFHC na ang WG Scottsdale ay lumabag sa makatwirang mga kinakailangan sa akomodasyon ng Fair Housing Act, ng Americans with Disabilities Act, at sa batas ng estado sa pamamagitan ng pagtangging maglaan ng mga tagasalin sa ASL para sa mga taong bingi.

- Kasunod ng paglilitis, inutusan ng korte ng distrito ang WG Scottsdale na huwag magdiskrimina batay sa mga kapansanan sa pandinig o anumang iba pang kapansanan.
- Ang WG Scottsdale ay inutusang magbigay ng lahat ng awksilyar na tulong at serbisyo, kabilang ang mga kwalipikadong tagasalin sa wikang pasenyas, sa mga taong bingi o may kapansanan sa pandinig.
- Magkaroon ng mga kasunduan sa mga serbisyo ng tagasalin sa wikang pasenyas.
- Ang WG Scottsdale ay dapat bumuo ng plano para sa pagiging naa-access at kasama ang pagsasanay at pagpapatupad.

# MGA NAKADIDISKRIMINANG PANUNTUNAN
# *DEPT. OF FAIR EMPLOYMENT AND HOUSING V. VASONA MGT.*

Ipinagbawal ng Vasona Management Co. ang anumang mga aktibidad na paglalaro sa labas at hiniling sa mga magulang na pangasiwaan ang mga batang wala pang 14 na taong gulang sa lahat ng lugar sa ari-arian na karaniwang ginagamit ng lahat ng nakatira at kanilang mga bisita. Ang mga nangungupahan na lumabag sa mga panuntunang ito ay naharap sa banta ng pagpapaalis. Ang Vasona Management Co. ay nagmamay-ari ng mahigit sa 30 apartment complex at namamahala ng 48 apartment complex.

Isang demanda ang nagparatang na ang Vasona ay nagdiskrimina laban sa mga pamilyang may mga anak sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga panuntunang labis na mahigpit.

Sa ilalim ng dekreto ng pagsang-ayon na nagresolba sa kaso, magbabayad ang Vasona ng $3 milyon sa mga pamilyang naagrabyado at magpapatupad ng mga hakbang para sa pagwawasto sa loob ng 5 taon, kabilang ang:

- Pagsusumite ng anumang mga panuntunan tungkol sa pangangasiwa ng mga bata sa mga lugar sa ari-arian na karaniwang ginagamit ng lahat ng nakatira at kanilang mga bisita o mga aktibidad sa labas ng mga residente para sa pagsusuri at pag-apruba ng California Civil Rights Department (CRD).
- Pamamahagi ng mga polyeto sa mga nangungupahan tungkol sa kanilang mga karapatan.
- Paggawa at pagpapanatili ng mga patakaran upang maiwasan ang diskriminasyon, kabilang ang mga paraan para mag-ulat ng diskriminasyon ang mga nangungupahan.
- Magsanay ng 4 na oras taon-taon ang sinumang kasali sa pamamahala o pagpapaupa ng ari-arian.
- Magbigay ng taunang ulat sa CRD tungkol sa pagsunod nito sa dekreto. Ang mga may-ari na nasasakdal ay pinagbabawalan ding magsagawa ng diskriminasyon sa hinaharap.










KUNG NANINIWALA
KANG BIKTIMA KA NG
DISKRIMINASYON SA PABAHAY
MAHALAGA ANG MAGSALITA!

MAY MGA KARAPATAN KA!



**KAPAG NAGSALITA KA AY TUMUTULONG KANG PATIGILIN ANG PAGPAPATULOY NG DISKRIMINASYON SA PABAHAY SA IYONG KOMUNIDAD.**

# MAAARI KANG TULUNGAN NG SERI NA MAGHAIN NG PAGTATANONG NG REKLAMO

- Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng labag sa batas na diskriminasyon sa pabahay dahil sa iyong lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, katayuan ng pamilya, at/o kapansanan maaari kang maghain ng pagtatanong ng reklamo sa amin.
- Sinusuri namin ang bawa't pagtatanong ng reklamo, sinasagot sa loob ng 1 araw ng negosyo, at kinokolekta ang anumang iba pang kinakailangang paunang impormasyon mula sa iyo.
- Kami ay sertipikadong Arizona Relay Friendly Service Business Partner para sa mga may pagkabingi o kapansanan sa pagsasalita.
- Tumatanggap kami ng mga pagtatanong ng reklamo sa lahat ng wika sa pamamagitan ng paggamit ng linya ng serbisyo para sa wika.

# MAAARI KANG TULUNGAN NG SERI NA MAGHAIN NG PAGTATANONG NG REKLAMO

- Kinokolekta ng SERI ang paunang impormasyon mula sa mga katanungan ng mga nagrereklamo at inihaharap sila sa Southwest Fair Housing Council (SWFHC).
- Tinutulungan ng SWFHC ang mga kliyente sa mga paratang ng iligal na diskriminasyon sa pabahay, nagbibigay ng tulong sa pag-iimbestiga, pagpapayo, pagpapagaan ng mga reklamo, at inihaharap sila sa mga mapagkukunan sa pabahay sa Arizona.

# HOTLINE NG SERI PARA SA PAGTATANONG NG REKLAMO



(520) 306-0938

Online Form

hotline@seriaz.org

We will respond within 1 business day and refer your complaint inquiry to the proper agency. SERI is an AZ Relay Friendly Business.

seri

# SALAMAT!

# PAGTATATWA

Ang materyal na ito ay batay sa trabahong sinusuportahan ng Department of Housing and Urban Development (HUD) sa ilalim ng FHIP Grant FEOI230004.

Anumang opinyon, mga natuklasan, at mga kongklusyon o rekomendasyon na ipinahayag sa materyal na ito ay sa mga may-akda at hindi naman kinakailangang sumasalamin sa mga pananaw ng HUD.